Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-9 NG OKTUBRE 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| *Kgg. Louie C. de Leon* | Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| *Kgg. Purita P. Sarmiento* | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| | Kagawad – ABC Chairman Kgg. |
| Mike Jomel M. Ombico | Kagawad – SK Chairman |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN<br>Nasa lakad-opisyal |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 239-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 66-T'2002 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 04-T'2002 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGANG ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO LIMANGDAAN APATNAPU'T PITONG PISO AT PITUMPU'T DALAWANG SENTIMOS (P69,547.72) UPANG ILAAN SA KAGAMITAN AT MATERYALES (P12,160.00); LAKAD-OPISYAL (P15,000.00); UNIPORME NG BARANGAY TANOD (P15,000.00); UNIPORME NG SANGGUNIANG BARANGAY (P10,000.00); 5% PARA SA KALAMIDAD (P3,477.38) AT PARA SA MGA PROYEKTONG PINAGLAANAN NG 20% DEV'T FUND (P13,909.54) MULA SA LABIS NA TINATAYANG IRA NG BUWAN NG ENERO HANGGANG AGOSTO, 2002.*

*SAPAGKA'T*, ang pagpapatibay ng *Karagdagang Badyet na nagkakahalaga ng P69,547.72* ay isinagawa ng Brgy Bubukal sa layuning mapaglaanan ang mga gawain, proyekto at programang nakasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T*, ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng *pamahalaang bayan at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng* Sangguniang Bayan;

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Bubukal;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Angelito U. Limjuco, Louie C. de Leon at Mike Jomel M. Ombico at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang *Kapasiyahan Blg. 66-T'2002 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 04-T'2002 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal na nagpapatibay sa Karagdagang* Badyet Blg. 1 ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P69,547.72 upang ilaan sa kagamitan materyales (P12,160.00); lakad-opisyal (P15,000.00); uniporme ng barangay tanod (P15,000.00); uniporme ng Sangguniang Barangay (P10,000.00); 5% para sa kalamidad (P3,477.38) at para sa mga *proyektong pinaglananan ng 20% dev't fund (P13,909.54) mula sa labis na tinatayang IRA ng buwan* ng Enero hanggang Agosto, 2002.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Bubukal, lahat bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO : KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
*Kagawad*
*Gumanap na Tagapangulo*

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan